Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa mga Serbisyo ng Tagasalin

## Paano kung kailangan ko ng isang tagasalin?

Bibigyan ka namin ng isang tagasalin **nang libre**:

- kung humingi ka ng tulong sa wika; o
- kapag maliwanag na ang ganoong tulong ay kinakailangan upang siguruhin na ikaw ay hindi sinamantala..

Hindi ka kinakailangang magkaroon ng iyong sariling tagasalin. Kung mas gusto mong gamitin ang iyong sariling tagasalin, titiyakin namin kung ang tagasalin ay tumutupad sa aming mga pangangailangan.

Kami ay nangangkong magbigay ng access sa mga programma na ibinibigay naming anuman ang kakayahan ng isang tao na makipag usap sa amin sa Ingles.

Para sa mga interbyu sa loob ng opisina, ginagamit namin ang poster ng tagasalin (tingnan ang nakalakip), na nagpapaliwanag ng aming polisa sa tagasalin sa maraming wika at na maaaring makatulong na malaman ang wika na mas gusto ng isang tao.

Para sa materyales para sa pampublikong impormasyon na isinalin sa iba’t-ibang mga wika, maaari mong bisitahin ang aming website sa iba’t-ibang wika sa www.socialsecurity.gov/multilanguage.

Kami ay nagbibigay ng mga libreng serbisyo ng tagasalin upang tulungan kang isagawa ang mga kailangan mong gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng tagasalin na ito ay makukuha kapag nakikipag-usap ka sa amin sa telepono o kapag bumibisita ka sa tanggapan ng Social Security.

Tumawag nang libre sa aming libreng matatawagan numero, **1-800-772-1213**. Kung ikaw ay nagsasalita ng Espanyol, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang wika, pindutin ang 1 at maghintay sa telepono hanggang sumagot ang isang kinatawan. Tatawagan ang isang tagasalin upang matulungan ka sa iyong tawag.

Kung hindi maaaring tapusin ang pagtulong sa iyo sa telepono, makikipag-appointment kami para sa iyo sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar at magpapapunta kami doon ng isang tagasalin pagpunta mo doon.

## Sino ang makapagbibigay ng mga serbisyo ng tagasalin?

Hindi kami gagamit ng mga menor-de-edad bilang mga tagasalin kapag ang pinag-uusapan ay mga mahihirap o sensitibong bagay, maliban kung malinaw din nilang natutupad ang mga hinihiling na pangangailangan sa isang kwalipikadong tagasalin.

Ang iyong tagasalin ay kinakailangang isang tao na:

- mahusay na nakakabasa, nakakasulat, at nakakapagsalita ng Ingles at ng iyong wika o diyalekto;
- sumasang-ayong tumupad sa aming mga pangangailangan sa pagbubunyag at pagiging lihim ng impormasyon;
- sumasang-ayong magbigay ng wastung-wastong pagsasalin ng mga katanungan at mga sagot mo at ng nag-iinterbyu sa Social Security; halimbawa, hindi mismo nagtatanong ng iba pang mga katanungan o hindi nag-iimbento ng mga katotohanan o mga petsa na hindi nanggaling sa iyo o sa nag-iinterbyu sa Social Security;

- nagpapakitang pamilyar siya sa mga saligang terminolohiya na ginagamit sa aming mga materyales at mga interbyu; at
- walang personal na interes sa resulta ng kaso na magiging sanhi ng pagtutunggali ng interes.

## Paano kung naniniwala ang Social Security na ang tagasalin ay hindi kwalipikado?

Kung naniniwala kaming hindi kwalipikado ang iyong tagasalin,

- ipapaliwanag namin sa iyo na magbibigay kami ng libreng serbisyo ng tagasalin upang siguraduhing hindi ka sinamantala; at
- aalukin ka naming ipagpatuloy ang interbyu, basta lamang mayroong karagdagang tulong ng isang tagasalin na ibibigay ng Social Security.

Kung ang mga serbisyo ng isang tagasalin sa telepono ay angkop, kami ay:

- tatawag sa Serbisyo ng Tagasalin sa Telepono bago namin ipagpatuloy ang interbyu.

Kung ang mga serbisyo ng isang kwalipikadong tagasalin sa loob ng tanggapan ay kinakailangan:

- ititigil namin ang interbyu;
- iiskedyul namin muli ang appointment sa ibang panahon kung kailan kami makapagbibigay ng mapapagkatiwalaang tagasalin;
- irerekord namin ang file, at ibibigay ang dahilan sa pagtigil ng interbyu; at
- proprotekahan namin ang iyong petsa ng filing, kung kinakailangan.

## Poster ng Tagasalin

## Nakalakip


If you need an interpreter

(Kapag ginagamit ang spotlight na ito bilang handout, mangyaring ilimbag ang nakalakip na poster nang hiwalay sa spotlight. Ang poster ay nasa pdf format (647 KB), at kakailanganin mo ang Acrobat Reader upang tingnan ito o upang i-print ito.)

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.